Sa bisa ng Batas Republika bilang 11511 ang Participatory Guarantee System o PGS ay kinilala bilang isang pamamaraang sertipikasyon para sa organikong produksiyon na abot-kaya ng mga magsasaka o mangingisda.

Ano ba ang PGS?

Ito ay isang sistema ng pagbibigay garantiya sa kalidad at integridad ng produkto ayon sa nakasaad sa Pambansang Pamantayan ng Pilipinas sa Organikong Agrikultura.

Ito ay pinagtibay ng prinsipyo ng pagtitiwala pagkakabuklod-buklod, at pagpapalitan ng kaalaman.

Ito ay isang pamamaraan ng sertipikasyon kung saan ang magsasaka mismo ang nagsusuri at nag gagarantiya na ang mga gawain sa sakahan ng kapwa miyembro ay tunay na organiko.

Ang PGS ay ipinakikilos ng samahang:

May iisang pananaw

Aktibong nakikilahok sa pagpapanatili ng integridad ng organikong pagsasaka

May tiwala at kumpyansa sa buong sistema

May pagkakapan-taypantay sa karapatan at pananagutan

Sama-samang natututo at nagbabahagi ng mga kaalaman at pamamaraan

Sino-sino ang bumubuo ng PGS?

Magsasaka o Mangingisda

Mamimili

NGO/PO
(Samahan o Asosasyon)

Sektor ng Edukasyon

Iba pang Sektor ng Komunidad

Ano ang mga benepisyong dulot ng PGS?

Para sa mga magsasaka at mangingisda,

Abot-kayang sertipikasyon na ang kanilang pamamaraan sa sakahan ay organiko

Makapagbebenta ng kanilang produkto bilang organiko

Makalalahok sa mga gawaing mag-papalawig ng kaalaman patungkol sa organikong pagsasaka

*Ang marka ay ginamit sa dokumentong ito upang ipakita ang wastong paggamit

Kaakibat ng mga benepisyong ito ang **responsibilidad at obligasyon** ng lahat ng kasapi ng PGS group ang **masiguro ang Integrtdad** ng organikong produkslyon at dumaan sa pagsusuri a yon sa nakatakdang pamantayan. **pagtupad** sa sinumpaang tungkulin at **tamang paggamit** ng “Philippine PGS Guaranteed Organic” mark.

Mga katanungan tungkol sa proseso ng pag-accredit ng core PGS group:

Sa llalim ng PGS, sino ang maaaring mag garantiya na ang isang produksiyon kasama ang mga produkto nito ay organiko

Tanging BAFS' accredited core PGS group lamang ang maaaring maggarantiya na ang kalidad ng isang produksiyon at produkto ay naaayon sa Pambansang Pamantayan ng Pilipinas sa Organikong Agrikultura.

Ano-ano ang mga kailangan upang kilalanin bilang isang accredited core PGS Group?

Ang mga kwalipikasyon upang maging isang accredited core PGS group ay,

1. May limang kasaping magsasaka na sertipikado ng BAFS o ng isang accredited core PGS group bilang mga organikong magsasaka.

2. Rehistrado sa munisipalidad o siyudad kung saan naninirahan ang malalaking bilang ng mga miyembro nito.

3. May sinusunod na sariling pamantayan sa organikong pagsasaka na nakabatay sa Pambansang Pamantayan ng Pilipinas sa Organikong Agrikultura.

4. May sariling proseso at mekanismo ayon sa napagkasunduang alituntunin at pamantayan ng lahat ng mga kasapi.

Paano kung may nakitang hindi puwede sa organikong pagsasaka, matatanggal na ba ang magsasaka sa grupo?

Hindi matatanggal ang magsasaka sa grupo. Ang isa sa mga prinsipyo ng PGS ay ang pagtutulungan sa sama-samang natututo patungkol sa organikong pagsasaka hanggang sa makapasa na sa sinusunod na pamantayan sa organikong pagsasaka ang magsasaka o mangingisda.

Paano ang proseso upang maging isang accredited core PGS Group?

Bago tumuloy sa proseso ng accreditation, ang limang miyembrong magsasaka ay sasailalim sa sertipikasyon ng BAFS o ng iba pang accredited core PGS group upang matiyak na sila ay sumusunod sa Pambansang Pamantayan ng Pilipinas sa Organikong Agrikultura.

Kapag sertipikado na ang limang miyembro ng core PGS group, sila ay sasailalim sa accreditation ng BAFS kung saan susuriin ang kanilang proseso at mga mekanismo upang mapanatiling umaayon sa alituntunin at pamantayan ng organikong pagsasaka ang mga produkto at serbisyo ng isang magsasaka.

Gaano katagal ang bisa ng certification at accreditation?

Ang bisa ng sertipikasyon na ipinagkakaloob ng accredited core PGS group ay tatlong (3) taon. Ang accreditation naman ng BAFS ay may bisa ng limang (5) taon.

Ano-anong mga ahensya ang maaring tumulong sa mga interesadong grupo?

Ang mga interesadong grupo ay maaring makipag-ugnayan sa Agricultural Training Institute (ATI) at Regional Field Offices ng Kagawaran ng Pagsasaka o Department of Agriculture upang makatanggap ng mga trainings at tulong teknikal.

Reprinted by

Department of Agriculture RFO 5
San Agustin, Pili, Camarines Sur

Regional Agriculture and Fisheries Information Section (RAFIS)
E-mail Address: darafid5@yahoo.com
FB Page: Department of Agriculture - Bicol

Para sa karagdagang impormasyon, maaring tumawag sa mga sumusunod na Organic Agriculture Program (OAP) at Agricultural Training Institute (ATI), Regional Field Offices (RFOs):

OAP RFO CAR:	09300915767	OAP RFO VII:	09171634200/09166125011/09353641217	ATI RFO CAR:	09394550205 / 09398015155	ATI RFO VII:	09064919442 / 09958541036
OAP RFO I:	09121015711	OAP RFO VIII:	09532353246/09275306645	ATI RFO I:	09175938627 / 09954193819	ATI RFO VIII:	09989947252
OAP RFO II:	09376670246	OAP RFO IX:	09177128607	ATI RFO II:	09757572271 / 09652237900	ATI RFO IX:	09612636822
OAP RFO III:	09395234891	OAP RFO X:	09057478417	ATI RFO III:	09758539192 / 09977212702	ATI RFO X:	09669343439
OAP RFO IV-A:	09175662366	OAP RFO XI:	09369022988/09399374626	ATI RFO IV-A:	09053708403 / 09155793154	ATI RFO XI:	09156595957
OAP RFO IV-B:	09498733586	OAP RFO XII:	09618227186	ATI RFO IV-B:	09778047403 / 09451379271	ATI RFO XII:	09162663756 / 09173363528
OAP RFO V:	09077781575	OAP RFO XIII:	09054589485	ATI RFO V:	09094765244 / 09107261652	ATI RFO XIII:	09098938620 / 09153420168
OAP RFO VI:	09302096677			ATI RFO VI:	09202948912 / 09613062741	ATI ITCPH:	09567360513 / 09125337879

PGSystem.indd 2 6/13/2022 11:31:59 AM